# EROS, AIEL, EROS

*Rene Boy E. Abiva*
*reabiva@up.edu.ph*

## LOGOS

*"[Your] Absence is a torture."*
- Simone de Beauvoir

Aaminin kong naging marumi
Sa marumi ang aking utak,
Gaya nitong aking hintuturo
Na aking idinuro't ipinahid sa mga kumpol
Ng alikabok sa bintana ng Palma Hall,
O nitong aking bunganga
Na bumuga't kumitil sa mga salitang
Nais sanang magkaroon ng sariling hininga
At pag-iral sa isa't isa.

Ang pagkakait pala'y mas masahol
Pa sa pakiramdam ng isang mamamatay-tao!
At dahil pinili kong bitawan ang mga alok mong saglit,

Para na rin pala kitang sinaksak ng ilang libong ulit.
Patawad.
At para ko rin palang isinalit-salit
Lamang ang ngitngit ng talim sa talim!
Patawad.
Patawad.

*Abril 12, 2023*
*MVGFC Library Stockroom*
*2:23 ng hapon*

DILIMAN REVIEW
Volume 69 Number 2 (2025)

# EPISTAXIS

*"For life's not a paragraph*
*And death I think is no parenthesis."*
- E.E. Cummings, *Since Feeling is First*

Ayaw kong manahimik nang literal:
Alam kong may sariling pintakasi ang kama,
May katumbas na batas ang agaw-dilim,
At may kahulugan ang sikdo sa ating puson.
Ninanakaw paisa-isa, padala-dalawa,
Ang apoy sa ating mga mata,
At sa likod ng mga paglilihim
Ay handa nating ipaubaya ang katagang
"Halika, halika na aking sinta
Hindi paisa-isa,
Hindi padala-dalawa."

ABIVA
Eros, Aiel, Eros

**MNĒMĒ**
*(Dalawang Araw Bago Dumating ang Ambon)*

May himig ang dagat:
Palatandaan ng malalang
Kalungkutan ng mundo
Ang di masukat sa litrong alat.
Nang umalis ka, ang araw
Ay naging limang gabi.
Ang bahaghari ay naging bakal
Na nakasabit sa leeg
Ng langit na ating minahal.
Umambon, umulan
At umiyak ang Diyos
Saka ito humalakhak na pawang
Baliw na aso.
Bakit mo kasi ako iniwan?
Alam mo ba na sa aking pag-iisa
Ay nabulok nang kusa
Ang gintong buwan
At nawasak maging ang di mabilang
Na mga bituin?
Ngayon at ikaw ay nagparamdam
Sa loob ng napakalungkot
Na dalawang dekada,
Hindi na sana isang panaginip
Ang sandaling ako at ikaw
Ay magkasama—kahit man lamang
Sa loob ng maiksing
Sandali bago ang hatinggabi.
Hayaan sanang ariin nating dalawa
Ang hubad na siyudad
Na naghihintay!

Salamat sa pagpapaalala
Na ikaw pala ang alaala
Na maganda pa rin ang uniberso.

## ALPHA

*"Her flesh like brass, smells of horse, and shadow."*
– Lorca, *Ballad of the Black Sorrow*

Nakamatyag ang orasan
Sa dingding ng aking kuwarto.

Pawang nakaumang na labi
Ang mga pahina ng mga patong-patong
Na libro nina Brecht at Unamuno.
Punyal na nakatarak sa dibdib
Ang pudpod na lapis
Sa aking lamesa:
*Tatlong gabi at dalawang madaling-araw*
*Na akong nakikipagduwelo*
*Sa mga multo at sanghaya ni Aiel.*
*"Huwag kang matakot sa kaniya,"*
*Sabi ng aking anino,*
*Ngunit bakit kirot ang aking nadarama*
*Sa tuwing nakikita ko ang kanyang larawan*
*Sa madilim na sulok ng aking aklatan*
*Na laging nakamatyag sa akin?*